

# Chapter One



**N**ueva Valencia, Guimaras...

Masakit sa tainga ang tunog na likha ng marahas na pagdapyo ng hanging panggabi na may kasamang malupit na hagupit ng tubig-ulan, dala ng malakas na bagyo, sa makapal na dahon ng matatandang puno ng mangga at ang paghampas nito sa pader ng malaking bahay ng mga Inosentes na gawa sa mahusay na uri ng kahoy.

Subalit hindi marinig ni Felicima ‘Pippa’ Inosentes ang ingay na iyon pagkat mas malakas ang sigawan ng mommy at daddy niya sa isa’t isa.

“Enough... enough, please,” paulit-ulit niyang sambit habang nakaupo sa ibabaw ng malambot na kamang natatabunan ng puting kutson. Pagod na pagod na siyang marinig ang araw-araw na bangayan ng kanyang mga magulang.

Yapos niya ang mga tuhod at kabig-kabig iyon palapit sa dibdib. Blangko ang tingin niya sa bintanang pinalabo na ng tubig-ulan at natatabunan ang gilid ng makapal na kurtina.

And then they stopped shouting.

Mahabang sandaling binalot ng katahimikan ang buong kabahayan. She could only hear heavy footsteps and hard breathing. Iyon lang.

Ang sumunod niyang narinig ay ang malakas na pagsigaw ng mommy niya.

“Philip! Bumalik ka rito! Ano, sasama ka na sa babae mo? Iwan mo na kami? Mga hayop kayo! Sige, ubusin mo ang lahat ng pera mo sa kanya, simutin mo na hanggang sa pinakahuling sentimo! Idedemanda kita!”

Hindi na nakatiis si Pippa. Malalaki ang hakbang niya pababa ng hagdanan. Naabutan niyang nasa pinto na ang daddy niya at dala-dala na nito ang maleta, akmang lalabas na kung hindi lang siya nito nakita. Nasa sala naman ang mommy niya at nakatukod ang palad sa sofa. Inaalalayan ito ng lola niya sa ina.

“Pippa...” kulang sa lakas na bigkas ng ama niya sa kanyang pangalan, malamlam ang mga mata.

She was her daddy’s favorite girl. Malapit siya sa ama at superhero na lumalaban sa bad guys ang tingin niya rito noong bata pa siya. Ngayon ay sixteen na siya. Naglaho na ang ilusyon niyang may superpowers ito, pero nanatiling superhero ang tingin niya sa ama.

Superhero niya.

Subalit ano ang nangyayari ngayon? Hindi niya maintindihan. Wala siyang maintindihan. Sobra siyang naguguluhan.

“Daddy? Bakit—”

“Your father is finally leaving us. Sasama na siya sa malandi niyang kerida,” mapait na singit ni Silvestra Inosentes, ang kanyang ina.

She looked at her mother’s pained face. And though Silvestra kept her head high, alam ni Pippa na puno ng inseguridad ang puso nito nang mga oras na iyon.

And she was right. Dahil nang tuluyang naglaho ang ugong ng papalayong sasakyan ng daddy niya ay bumagsak ito. Bumagsak itong paluhod sa makintab na sahig. Humagulhol at kinuwestyon ang pamilya nila at sarili nito. She was so insecure and hurt. Sa pinakaunang beses sa buhay niya, nakaramdam siya ng awa para sa ina.

Silvestra was a strong woman. Kumpara kay Philip ay ito ang malakas. Ang lalaki ang malambot at mapagbigay. Ang lalaki ang parating nakangiti at hindi nauubusan ng enerhiyang makipaglaro sa kanya. Kaya buong buhay niya ay nakatingala siya sa ama.

Pero kani-kanina lang ay pinatunayan ng ginoo na mali na inidolo niya ito. He was not faithful and he was not fair. Masamang ama ito. Masamang tao.

“M-Mom?” mahina niyang tawag dito.

Pinukol siya nito ng matalim na tingin. “Ikaw, mas mahal mo si Philip, di ba? Mas gusto mo siya. Sumama ka sa kanya! Alis! Lumayas ka! I don’t ever want to see your face inside my house! Get

out!” histerikal nitong sigaw. Wala na ito sa sarili. Pilit siya nitong inaabot upang ipagtulakan palabas ng malaking bahay.

Umiyak si Pippa nang umiyak.

Sa parehong gabi ng pag-iwan sa kanila ng ama ay sumara rin sa harapan niya ang kanilang gate. Pinaluwas siya ng kanyang Lola Caridad sa Maynila. Mas makabubuti raw na hindi na muna siya makita ni Silvestra dahil naaalala nito si Philip sa kanya.

Nasaktan nang husto si Pippa. Hindi lang ang daddy niya ang nawala sa kanya kundi pati na rin ang mommy niya. Naging madilim ang mundo para sa kanya. Kasabay niyon ay pinatigas niya ang sarili.

Until she could not explain anymore how dark her world became....



Puting long-sleeved blouse na detalyado ang burda, puting petticoat na pinatungan ng itim na bell-shaped skirt na umaabot sa kneecap ang haba, medyas na lagpas tuhod, itim na sapatos at maliit na top hat ang bumuo sa gothic na anyo ni Pippa. Blangko ang ekspresyon sa maputla niyang mukha dahil sa makulimlim na klase ng kulay ng foundation na ginamit niya.

Kasali siya sa *Harajuku Competition—Gothic Lolita*. Dahil *Gothic Lolita* iyon ay kailangang

madidilim na kulay ang suotin nila liban na lamang sa puti.

Freshman siya at wala pang masyadong kaibigan, kaya ibinuhos niya ang panahon at atensyon sa costume play o cosplay at mga bagay na kahalintulad niyon kagaya na lang ng harajuku.

Mahal niya ang pagko-cosplay. It was her way of escaping the real and painful world. Dahil kada rumarampa siya sa entablado at naka-costume ay nakakalimutan niya, kahit na panandalian lang, na sugatan siya at pinabayaan ng mga taong mahalaga sa kanya. Nakakalimutan ni Pippa na iniwan siya ng superhero niya at itinaboy ng kanyang ina. Nakakalimutan niyang siya si Pippa Inosentes.

Iginala niya ang paningin sa paligid. The place was already crowded. Pababa na ang araw at kumakalat na ang dilim sa kalangitan. Kaunting oras na lang at magsisimula na ang event kaya nasa covered court na ng universidad ang mga kasali sa kompetisyon. Idinaraos nila ngayon ang University Week kaya maraming pakulo ang eskuwelahan.

Napabuntong-hininga siya. Inuubos niya ang oras sa pagmamasid hanggang sa sumapit ang oras ng event.

Sa isang banda ng covered court ay nagkukumpulan ang mga members ng Taekwondo Club. Nakuha ang atensyon niya ni Jigger Erizawa—third year college transfer student.

Galing ito ng Japan at nang minsang magbakasyon sa Pilipinas ay nagustuhan nito ang lugar at nagpasyang mag-stay.

Jigger was tall and ravishingly handsome. Mahahaba ang pilik nitong nakapaikot sa mga mata nitong may matapang na kinang. His nose looked like it was sculpted to perfection. His mouth was wide and kissable. He was the type of man everyone wanted to know.

Tumawa ang lalaki at kumaway sa mga babaeng nakaupo sa ilalim ng basketball ring at nagtsi-cheer dito bago ito malakas na sumipa sa kicking pad.

Sumimangot si Pippa.

“Guwapo nga, maangas naman,” nakaismid niyang komento.

Hindi pabor sa panlasa niya ang mga lalaking playboy, kaya burado kaagad ito sa lista ng mga taong dapat pag-ukulan niya ng pansin. Kaagad niyang kinalimutan kung gaano kagandang tumawa ang mga mata nito at kung gaano kasarap pakinggan ang bawat pagsigaw nito ng ‘hah!’ sa tuwing sumisipa. Hindi na niya uli tinapunan ng tingin si Jigger hanggang sa magsimula ang *Harajuku Competition*.



T-shaped ang entabladong ini-set-up sa loob ng malawak na covered court. Napapalibutan iyon ng mga stainless steel chairs. Nobenta porsyento

ay okupado na ng mga estudyante, guests at administrative staff. Nakaabang na ang mga ito sa pagrampa nila.

Nang lumabas ang unang kalahok ay binalot kaagad ng masigabong palakpakan ang lugar. Imposibleng hindi pagkat ito ang presidente ng *Student Government Council*. Kumabog tuloy ang dibdib ni Pippa. Wala siyang kaibigan at hindi siya sikat.

*Nobody*, iyon siya. *Nobody* na weirdo at pinag-aaksayahan lang ng pangalawang tingin dahil sa kakaibang pananamit niya.

“Ikaw na,” tapik ng babaeng nakatayo sa kanyang likuran. Nakataas ang kilay nito. Mukha itong kontrabida sa pelikula na may magandang mukha. Tiningnan pa si Pippa mula ulo hanggang paa na sadyang nagpainit sa ulo niya.

Ipinaling niya ang ulo sa ibang direksyon at huminga nang malalim. Hindi niya gustong humarap sa disciplinary officer ng school dahil sa pakikipag-away.

Umakyat siya ng stage at nagsimulang maglakad. Sanay na siya roon, subalit halos tunawin siya ng nakaiilang na katahimikang sumalubong sa kanya hustong tumapak ang paa niya sa stage.

She felt intimidated and awkward.

Hindi tuloy maituwid ni Pippa ang paglalakad.

Then there came a loud bang. Siya ang lumikha niyon. Bumagsak siya sa gilid ng stage at nadaganan ang estrangherang nanonood. Dumulas palikod ang silyang inuupuan nito at bumagsak sila sa sahig. Siya ang nasa ibabaw ng babae.

Napasinghap ang lahat. Nanghaba ang mga leeg at nag-usyuso. Hiyang-hiya siya. Hindi niya makuhang tumayo. Ramdam niya ang pagpasag ng taong nasa ilalim niya, pero hindi niya ito matingnan.

“Miss, are you okay? Bruises, scratches?” tanong ni Jigger.

Napakurap-kurap si Pippa. Ang inisyal niyang napagtuunan ng pansin ay ang pagbukas-sara ng mga labi nito.

*God, perfect pair of lips...*

Hindi pa siya nahahagkan sa tanang buhay niya at ni isang segundo ay hindi pa sumagi sa kanyang isip ang ideyang mahalikan ng lalaki... ngayon pa lang. And it felt really odd, para sa katulad niyang hindi kayang dikdikin ng martilyo ang puso niyang tila kasintigas na ng bato.

*Well, news flash, Pippa! You're still as normal as the next woman inside this court!* hiyaw ng maliit na tinig sa likod ng utak niya.

“Miss, you okay?” ulit ni Jigger.

Totoong nag-aalala ito. Tila hinaplos ang puso niya. Hindi naman pala ito masamang tao kagaya



ng iniisip niya kanina.

“Ayos lang. Medyo masakit lang ang—”

“No, I’m not okay! Get her off me—”

Magkasabay pa silang tumugon ng babaeng nasa ilalim niya. Muli itong nagpumiglas kaya nanigas ang kanyang katawan. Her neck became so stiff she could not move it. Hindi yata siya ang kausap ng lalaki.

Kumurba ang malapad na ngisi sa mga labi ni Jigger, hinagod nito palikod ang tumatabing na bangs sa tapat ng mga mata. “You’re so cute, pero siya ang kausap ko. Uhm... could you please get off her first? Your weight is killing her.”

Napahiya si Pippa. Nagmadali siyang tumayo at itinulak ang binata. “Bastos ka!”

“What the hell did I do?” gulat nitong tanong. Nagsisimulang kumalat ang inis sa guwapo nitong mukha.

Wala siyang pakialam. Ano ngayon kung nagsisimula na itong mainis?

“Ang sama mong magsalita! Parang pinalalabas mong mataba ako. Na mabigat ako!” hiyaw niya.

“What? Wala akong sinasabing ganyan. And even if I did, hindi ka dapat ma-offend.” His eyes skated up and down her body. “Wild guess, sixty kilos, yes? Or heavier?”

Nag-usok ang kanyang ilong. Inabot ni Pippa ang kanyang itim na sapatos at hinambalos ang

lalaki sa balikat. Nag-iwan iyon ng hugis-sapatos na alikabok sa t-shirt nito na kaagad nitong pinagpag, sabay atras.

“Ang kapal ng mukha mo! Ako, mataba? Ni wala nga akong excess flesh o mantika sa katawan!” asik niya rito, sabay hakbang pasulong.

Totoo naman iyon. Being fat was totally out of the question. Dahil alam niyang hindi siya overweight. Hindi niya masasabing payat siya. Tama lang ang kanyang timbang.

“Ow?” Tinapunan ni Jigger ng mabilis na tingin ang may kalakihan niyang dibdib. Pumaskil ang nakakalokong ngisi sa bibig nito. “Because *that* is heavy,” he sneered.

Her nose flared. Pakiwari g dalaga ay umusok ang talampakan niya. “Bastos ka ngang talaga! Bakit mo sinisipat ang dibdib ko, ha? ”Tsaka hindi ’to mabigat, sakto lang!” sikmat niya rito. Kasabay niyon ay itinakip niya ang mga braso sa tapat ng dibdib.

“Malisyosa ka. Sinabi ko bang ang dibdib mo ang mabigat?”

“You said it’s heavy!” she screeched. Naglitawan ang mga litid niya sa leeg.

“Yes, your bone structure *is* heavy.”

Sumingit ang isang malakas na hagikgik sa background at sinundan iyon ng walang humpay na tawanan. Natameme si Pippa. She looked around.

Saka niya lang uli naalalang marami nga palang tao sa paligid. Nag-unahan sa pag-akyat sa pisngi niya ang init.

“Buwisit ka! Maghintay ka lang, babawian kita!”



# Chapter Two



**K**alkulado ang bawat hakbang ni Pippa habang nakasunod siya sa binatang walang pagmamadaling naglalakad sa makitid na pathwalk sa labas ng university. Hindi niya alam kung saan ito papunta, basta naisipan niya lang itong sundan at baka may makuha siyang alas laban dito.

She hid herself into the darkness of the night. Nagsuot siya ng itim na sweatshirt, tattered jeans at wine red rubber shoes. Itinali niya ang buhok at ipinaloob sa kulay abong baseball cap.

Matiim siyang nakatingin sa malapad na likod ni Jigger. Hindi niya maintindihan ang sarili. She wanted to throw a dart straight to his spine and wanted to throw her arms around him and feel the heat of his skin at the same time.

Ipinilig niya ang ulo. All right, she was initially attracted to him, yes, pero burado na dapat iyon dala ng sandamakmak na dahilan kung bakit hindi ito karapat-dapat gustuhin. One, super-duper famous ito na mayroong 99.9% tendency na magpaka-player. Two, maangas. Three, she hated his mouth—maraming nakakabuwisit na mga salitang lumalabas doon.

But then she remembered how Jigger's mouth

moved...

“Miss, are you okay? Bruises, scratches?” Slow motion na nag-replay iyon sa maliit na espasyong nasa loob ng natuturere na niyang ulo. Naalala ni Pippa kung paanong binuhay niyon ang bawat ugat sa katawan niya. She remembered wishing that his mouth would move above hers... wishing that his teeth would bite her underlip sensually and would—

“Ah, shit! Shit!” Pippa shook her head as hard as she could, wanting to get rid of all unwanted thoughts running round her not-so-brilliant brain at that very minute.

Nang muli siyang mag-angat ng tingin ay wala na ang binata. Humakbang siya patungong kalsada at nagpaling ng tingin pakaliwa at pakanan.

“Nasaan na ang lalaking iyon?” kakamut-kamot sa ulo niyang tanong sa sarili.

“Looking for me?” anang pamilyar na boses.  
Napasinghap siya.



Kampanteng nakasandal sa sirang poste ng ilaw si Jigger habang nililipad ng hanging panggabi ang buhok nito. His arms were folded across his chest and his cruel mouth half-twisting into a sardonic grin.

He was so devilishly handsome and Pippa's tiny evil side was cruelly telling her to kiss the

man! Siyempre hindi niya gagawin iyon. Paano niya gagawin iyon kung nanlalamig ang kanyang mga kamay at nangangatog ang mga tuhod pagkat nakapokus sa kanya ang mga mata nitong kay talim kung tumitig?

His eyes... oh, yes, his eyes... he could hypnotize even the most impassive hippo in the world. And she was not even a hippo and definitely not impassive.

“E-excuse me? Bakit naman kita hahanapin?”

“Stalking me then?” Umayos ito ng tayo at humakbang palapit sa kinatatayuan niya.

Umurong siya. “Hanggang diyan ka na lang!”

“Why?” he smirked. “I hope I have not bothered you with my nearness, Pippa.”

“Huh! I could slice your balls using a katana and it won’t bother me a bit, Jigger.”

Napasipol ito. “Masakit iyan.”

“Pretty much.”

“You are very brutal, Miss Inosentes.”

“Matagal na. Hindi ka yata updated,” nang-uuyam niyang asik.

Lalo lang umangat ang sulok ng mga labi ni Jigger.

She was amusing the man, heck. Mukhang hindi siya magtatagumpay na mai-deliver ang threatening note dito.

“Very aggressive.” Napapalatak ito. Tumingin

ang lalaki sa buwan. “Don’t let the moon excite your hormones too much, Baby.”

Pinandilatan niya ang kaharap. “Mr. Erizawa, the moon has got nothing to do with whatever’s happening inside my body! So, cut the shit. Kung meron man sanang puwedeng gawin ang buwan, iyon ay ang bigyang-buhay ang voodoo doll ko para pestihin ang buhay mo!”

Jigger looked at her with his usual piercing eyes. He stepped closer... and closer... until she could hardly breathe. He was too close for comfort. Umangat ang kamay nito at bahagyang humaplos sa baba niya. His thumb barely touched her chin, subalit sapat na iyon upang magsipagtayuan ang mga balahibo niya sa katawan.

“I’ll wait for that one special day when your voodoo doll would finally have its revenge on me. Pero ngayon, kailangan mo nang umuwi. I have my car parked right over there,” turo nito sa bakanteng lote sa di-kalayuan. “And I have rejection issues, Pippa, kaya hindi na kita aaluking ihatid pa pauwi. Alam kong hindi mo gugustuhin iyon. Now turn around at bumalik ka na sa university. It’s safer there. Plus, you’ve been following me for half an hour already... you won’t get anything, Baby.” Pagkasabi niyon ay umalis na ang lalaki.

Naiwan siyang laglag ang panga. “Ugh, nakakainis ka talaga!”



Hindi na sila nagkita pa ni Jigger matapos ang pagkikita nila sa labas ng universidad. Pabor iyon sa kanya. She didn't want to see his face... again. Kahit na ubod pa ito ng guwapo. Mas importante kay Pippa na mabuhay siya nang payapa at hindi iyong biglaan na lang nagsisirko ang puso niya.

Hanggang sa umabot siya ng third year college at nagtapos na si Jigger ay hindi na nagkrus ang landas nila. Walang kaso iyon sa kanya. Maayos naman na ang kanyang lagay. She made new friends. Na nakilala niya dahil sa *Pinoy Cosplay Club* at kinalaunan ay naging matalik niyang mga kaibigan—si Tasha Anierdes, ang babaeng nadaganan niya noon sa *Harajuku* event; at si Dee-Dee Cheong, ang magandang mukhang kontrabida na tumapik sa kanya sa backstage. They were wonderful girls and she loved them.

“Hoy, ano ang nangyayari sa 'yo?” puna niya kay Dee-Dee na nakapangalumbaba at tagusan ang tingin sa salaming bintana. Nakatambay sila sa coffee shop malapit sa universidad.

“I'm in love,” tila nakalutang sa ere nitong deklara.

Nagkatinginan sila ni Tasha at sabay pang nagkibit-balikat at nagtanong. “Kanino?”

“Kay Taylor...”

Awtomatikong umikot ang bola ng mga mata ni



Tasha. “Ano? ’Di ba kuya mo iyon?”

“Correction, kuya-kuyahan lang. Hindi ko siya kapatid.”

“Whatever. So tuloy ba tayo sa *Giganto*?” pag-iiba ni Tasha sa usapan. Ang *Giganto* ay isang sikat na bar-restaurant kung saan gaganapin ang malaking party sa darating na Sabado.

“Hindi ako pupunta,” walang gatol na sabi ni Pippa.

“Why? Pupunta ang varsity players ng basketball team.” Si Tasha ulit.

“I don’t care,” she answered flatly and kept her eyes fix on the coffee stirrer. Wala siyang planong pumunta lalo na at ang tema ay romansa at pag-ibig.

*Love is a hoax and is only true to psychopaths!*

*Eh, ano ang tawag mo d’on sa pagtibok ng puso mo para kay Jigger? singit ng entremetidang bahagi ng isipan niya.*

*Physical attraction, iyon lang iyon, tila lukalukang katuwiran niya.*

“Hey are you out of your mind? It’s gonna be like a mini-lovapalooza kissfest. So freakingly awesome! And it’s gonna create the loudest bang in the entire *Giganto* history!” bulalas ni Dee-Dee.

“Exactly. Kaya nga hindi ako pupunta.”

Nagpalitan ng makahulugang tingin sina Dee-Dee at Tasha. “Hindi ka talaga pupunta?” sabay

pang tanong ng mga ito.

“No.”



“Akin na nga iyan,” agaw ni Pippa sa bote ng beer na hawak ng estrangherong nakaupo sa bar counter. Padaskol niyang inokupa ang silya katabi nito. Hindi man lang siya nag-aksayang sulyapan ang lalaki at basta na lang inabot ang bote at mabilis na inubos ang halos hindi pa nababawasang laman niyon.

“Hah! Three down. 990 ml and counting.”

The man made a ‘tsk’ sound. “That’s extra strong *Red Horse* beer.”

“So?”

“Ever thought about buying your own beer?”

“Nope.”

“Bakit?”

“Dahil ayoko. Bakit ba?” pabalang niyang tugon. Nararamdaman niyang unti-unti nang nangingibabaw ang espiritu ng alak sa kanyang katawan. Idagdag pang hindi maganda ang lagay ng kanyang kalooban pagkat sapilitan siyang kinaladkad doon sa *Giganto* ng mga hudas niyang kaibigan. Nilagyan ng mga ito ng pampatulog ang inumin niya. At nasaan sila ngayon? Nasa dance floor ang mga ito at nag-e-enjoy makipag-indakan sa mga bagong kakilala.

“You know what, wala naman akong pakialam

kahit na mang-agaw ka ng beer at hugasan mo pa ng alkohol ang bituka mo buong gabi, pero sana lang hindi mo sinasaklot na lang bigla.”

Nagtagis ang mga bagang ni Pippa sa sinabi ng katabi. “Shut up. Hindi kita gustong kausap.”

Napasipol ito. “Awesome. Nasasabi mo pa talaga iyan ngayon, after you sat carelessly beside me and snatched my beer, na hindi ko pa nga pala nababawasan ni isang lagok.”

Umingos si Pippa at padabog na hinugot ang skull coin purse, kung saan niya isinisiksik ang lahat ng dalang pera, mula sa bulsa ng kanyang pantalon na pinatungan ng itim na leather skirt. Inilapag niya ang buong limang daang pisong papel sa mesa. Ngunit maagap na itinulak ng lalaki ang pera pabalik sa kanya.

“Hey, ease up, will you? Hindi ko kailangan iyan at hindi naman din iyan ang gusto kong puntuhin. Bakit ba kasi sobrang init naman ng ulo mo?”

Pumihit paharap sa direksyon niya ang estranghero. She couldn't see his face. Bukod sa madilim ang lugar at nasisilaw siya sa patay-sinding neon lights ay natatabunan din ng itim na hoodie ang kalahati ng mukha nito.

“Bakit? Ikaw tatanungin kita; how would you feel if your f\*cking best friends would break your window using a friggin' baseball bat and would slip something in your drink early in the morning? And

then you'd end up waking up inside this... this... ugh!" Naikumpas niya ang kamay sa ere na para bang hopeless ang lugar na kinalalagyan niya nang mga oras iyon.

"And here's what's worst; the awful taste of that whatever drug is still at the tip of my tongue! It's nasty, really! So, tell me, how would you feel, huh? Pissed off, right?"

The man laughed. Totoo iyon at walang halong sarkasmo. "Wow! Ano nga kaya ang mararamdaman ko? Probably, I'd feel... crazy. Yeah, crazy."

Nahawa siya sa buong pagtawa ng binata kahit na naiirita pa rin siya sa mga kaibigan. "Tama iyan dahil talagang nababaliw na ako ngayon."

"Sigurado ka ba talagang best friends mo sila?"

Napahagalpak ng tawa si Pippa at tuluyan nang nawala ang tensyong kanina ay kamuntikan nang kumain sa kanila nang buo. "Unfortunately, yes. And I could not even explain how I got tangled up in this not-so-ordinary friendship."

"Lunacy," he mumbled. "Hindi kaya kayo nagamitan ng voodoo doll or something?" nakatawa pa rin nitong sabi.

Saglit siyang natigilan. Naalala niya si Jigger sa sinabi nito.

"Jigger?" mahina niyang sambit.

"What? Sorry, can't hear you. Masyadong

maingay dito.”

Ipinilig niya ang ulo at pilit na binura sa isip ang imahe ni Jigger. Bakit ba nitong huli ay lagi na lang niyang napapanaginipan ang binata at lagi niyang nakikita ang mukha nito sa mga taong nakakasalamuha o nakakasalubong niya? Bakit ba hindi pa mamatay-matay nang tuluyan ang pesteng physical attraction na nararamdaman niya rito?

“Everyone! We are about to start *Giganto*’s first ever kissfest in five seconds. And five...” anunsyo ng host na pumutol sa mga pasulput-sulpot na katanungan sa isipan niya.

Pippa stiffened. “The kissfest...” Tumayo siya at humarap sa entrada ng bar upang sana ay dumerecho roon. She wanted a quick exit, at mukhang mahihirapan siya pagkat tumambad sa kanya ang lalaking mukhang manyak. Kinindatan siya nito, dahilan upang manlamig ang buo niyang sistema. She knew the rules. Pag dumalo roon ang isang tao nang mag-isa at walang kapareha, ibig sabihin lang ay game itong hagkan ng mga taong makakabungguang-siko roon.

*Buwisit, ano’ng gagawin ko ngayon?*

Magkaharap na ang mga magnobyong at nakahanda na para sa oras ng paghahalikan.

“Four, three...” patuloy na pagbibilang ng host.

*Shit!*

Nataranta siya. She felt like the world was

spinning around her. Lalo na nang makita niyang naglalakad patungo sa direksyon niya ang lalaking nakatayo kanina sa entrance ng bar.

“Two and one!”

Maagap siyang bumalik sa bar counter at hinatak ang estrangherong kausap niya kanina. “Sorry, please don’t push me away... pakiusap. Ibalato mo na sa akin ang mga kasunod na segundo pagkatapos nito.” Pagkasabi niyon ay tumiyad si Pippa at ipinikit ang mga mata. Kasabay niyon ay idinikit niya ang mga labi sa bibig ng lalaki.

Natapos ang halik at nagmulat si Pippa. Nasilip niya ang mga matang hinding-hindi niya puwedeng kalimutan. Mga matang hindi kayang tabunan ng kahit na ano ang matalim na kinang.

“Jigger...”



# Chapter Three



“Hinalikan ko si Jigger,” wala sa sariling Hanunso ni Pippa sa dalawang matalik na kaibigan habang pinapagod ang kamay sa pagdo-doodle sa likod ng kanyang notebook at naghihintay kung kailan mag-aayang umuwi ang mga ito.

Lumikha ng kalabog ang pagbagsak ni Tasha sa sahig ng classroom. Napaubo naman si Dee-Dee na nang mga sandaling iyon ay inuubos ang sour cream and onion flavored *Pringles* at large softdrinks.

“You what?” gilalas na paniniyak ni Tasha, himas-himas ang nasaktang puwit.

“Kung ano ang narinig n’yo, iyon na iyon. Hinalikan ko siya at sinampal pagkatapos.”

Napamulagat ang dalawang babae.

“Bakit mo ginawa iyon?” ani Dee-Dee.

“Dahil tinugon niya ang halik ko. Hindi ko naman din kasi alam na siya pala iyon n’ong hinatak ko siya.”

“Iisang tao lang ba talaga ang pinag-uusapan natin dito? You kissed the most sought-after guy in town, at ikaw pa itong frustrated ngayon? Ang ganda mo, ”Teh, pang-*Miss U* ang beauty mo!”

nakatirik ang mga matang wika ni Tasha.

“I would rather kiss a bald gorilla,” walang emosyong saad ni Pippa.

“God, I need a dose of *Tylenol*, please,” maarte nitong sabi. Si Dee-Dee naman ay tila nanghihinayang.

“Bakit ba kayo nagkakaganyan? Bakit kayo nagkakagulo? Halik lang iyon. It was just a plain and simple kiss, na may kasamang malutong na sampal sa kaliwa niyang pisngi.”

“Bakit mo nga kasi sinampal iyong tao?” nakukunsuming usisa ni Tasha.

“Because that’s how the story goes. Guy kisses the girl, girl slaps the guy. Gan’on naman talaga ang takbo ng kuwento, di ba? Ano ba naman kayo, gusto n’yong magpaka-normal ako. Puwes, ito na, for the very first time I’m on something that is usual, typical, and standard.”

“But you kissed him first! You initiated it!”

“Ano ang ipinagkaiba niyon sa kung siya ang unang nanghalik?” hirit niya.

Napaungol si Tasha. “Dee-Dee, ikaw na nga ang bahalang kumausap sa luka-lukang iyan!”

“Tama na. Wala nang dapat pag-usapan pa.” Itiniklop ni Pippa ang notebook at wala sa ayos na isinilid sa loob ng bag. Isinuot niya ang kanina ay hinubad na sapatos at tumayo na upang lumabas nang biglang may nagsumiksik na alaala



sa kanyang utak. Alaalang naganap nang gabing kasama niya si Jigger.

“I just remembered something... really horrible,” bigla niyang bulalas. “May nangyari sa amin ni Jigger...”



*Nasilip ni Pippa ang mga matang hinding-hindi niya puwedeng kalimutan. Mga matang hindi kayang tabunan ng kahit na ano ang matalim na kinang.*

*“Jigger...” mahina niyang sambit. Nakainom siya subalit hindi niyon naalis ang kakayahan niyang makilala ang binata. Hindi ito isang aparisyon lang.*

*Malinaw namang narinig ni Jigger ang pagbanggit niya sa pangalan nito, kaya hinawi nito palikod ang hoodie ng suot na sweatshirt. Tumambad sa kanya ang namimilog nitong mga mata.*

*“Pippa?”*

*“Shit!” malutong niyang mura. Umigkas ang kamay niya sa pisngi nito sa hindi niya mawaring kadahilanan. Marahil ay nais niyang pagtakpan ang naramdamang pagkapahiya. She felt like foolishness sprang out of her gut and she was knocked off-balance.*

*Saglit na natameme ang lalaki bago lumatay ang matinding galit sa guwapo nitong mukha. Hinaklit nito ang braso niya at hinila siya palabas ng Giganto pagkat nakamata na sa kanila ang mga taong naroroon. Halos magkandabuhul-buhol ang*

*mga paa niya sa laki ng paghakbang nito patungo sa nakaparadang sports car.*

*“Bitiwan mo ako!”*

*“Listen, witch, bakit mo ako sinampal?”*

*nagtatagis ang mga bagang nitong lingon sa kanya nang marahas nitong pakawalan ang kanyang braso.*

*“Because you kissed me!”*

*“What! You asked me not to push you away. No, you begged! Ikaw ang nanghalik ’tapos ikaw pa itong galit ngayon. Napakaimposible mong tao! Oh, wait, you didn’t put a spell on me, did you? Baka mamaya niyan may gayuma pala ang laway mo.”*

*“Ang kapal naman—” Natutop niya ang bibig. Napakapit si Pippa sa side panel ng sasakyan ng lalaki at huminga nang malalim.*

*“O, ano’ng nangyayari sa iyo? Nasusuka ka?” gilalas na tanong ni Jigger. Hindi nito malaman kung hahawakan siya o hindi. Sa huli ay pinili nitong dumistansya.*

*“Kasalanan mo! You tasted awful, brute!”*

*“Ako pa talaga ngayon?” Nagbuga ito ng hangin at pinagmasdan si Pippa na para bang isa siyang malaking biro ng tadhana. “Bahala ka nga sa buhay mo.” Pumasok ito sa loob ng kotse at pinaandar ang makina niyon. Naiwan siyang giniginaw sa gitna ng malawak na parking lot.*

*Kinalampag niya ang windshield ng kotse nito.*

*“Hoy, bumaba ka riyon! Napakawalanghiya mo*

talaga! Basta mo na lang akong iiwanan dito?” Nagsu-slur na ang speech niya dala ng nainom na alkohol. Umiikot na rin ang paningin niya. Nang patuloy na magmatigas si Jigger at hindi siya pagbuksan ay ipinukpok na niya ang kamao sa bubong ng sasakyan nito.

*That was when he hurriedly jumped out of the car. Nakita niyang nagpakawala ito ng maikling mura. Kung anu-ano pa ang lumabas sa bibig nito, subalit hindi na iyon rumehistro sa utak niya dahil napako ang atensyon niya sa magandang hugis ng mga labi nito.*

Ang lips niya na naman... Bakit sobrang nakakapanggihil talaga? Parang tomme tippee teether, sarap kagat-kagatin... *aniya sa sarili.*

“Get in the car,” he ordered. Nauna na itong pumasok sa loob ng sasakyan at tahimik siyang sumunod dito.

*They drove around. Walang tiyak na destinasyon. Nang mapagod na siyang pagmasdan nang paulit-ulit ang bista sa labas ng bintana na pulos naman matataas na kahoy, bakanteng lote at walang katapusang kadiliman ay hindi na siya nagdalawang-isip na tapikin ang braso nito.*

“Naglolokohan ba tayo, Jigger? Paikut-ikot lang tayo, ah. ”Tsaka dito pa talaga sa mukhang ghost-infested na lugar?” reklamo niya.

*Kinabig nito ang kotse pagilid sa daan at saka*

huminto.

*His eyes surveyed her up and down. Umiling ito. “You are chemically imbalanced,” madiin nitong sabi, and poked a finger on her forehead. “Gusto mo bang makita ka ng mga taong ganyan ang ayos? At sabihin mo na rin sa akin kung sa paanong paraan kita maihahatid sa bahay n’yo? Lasing na lasing ka and I bet you couldn’t even see a hole in a ladder.” Lumatay ang disgusto sa mukha ng lalaki kasabay ng pagkibut-kibot ng bibig.*

*For the nth time, napatingin siya sa mga labi nito.*

*Sexy, she thought.*

*Bumalik sa gunita ni Pippa ang pinagsaluhan nilang halik at ang sensasyong binuhay niyon sa katawan niya. Hindi niya alam kung dala lang ng kalasingan, subalit natagpuan niya ang sariling kinukubabawan ito.*

*She sat on his lap and began rubbing her buttocks against him. Ramdam niya kaagad ang paninigas ng katawan ng lalaki. Nanlaki ang mga mata nito habang mariing nakahawak sa hita niya. His fingers, which were almost buried into her skin, created an appealing pain in her system.*

*“W-what in the world are you... doing, Pippa?”*

*“Ano ba sa tingin mo? Huwag kang umastang hindi mo alam o hindi mo nararamdaman. I am hugely, hugely attracted to you.” She grinned and felt*

his manhood growing harder as she spoke.

“Shit! I’m no saint, Pippa. And if you continue to... dammit!”

Inis niyang itinulak si Jigger padikit sa backrest ng car seat at inilapit nang husto ang mukha rito. “Shut up, Jigger. I know you’re the archetypal badass guy. Do I care? Hell, no. I want this. Right here, right now. Oo, lasing ako, pero hawak ko pa ang utak ko. Umiikot nang kaunti pero pagkatapos nito ay makakaasa kang hindi ako iiyak at hindi kita aakusahan nang kung anu-ano na lang. Kaya wala nang maraming satsat pa. Undress me now.”

Natahimik ang binata. Ang sumunod na eksena ay ang marahas na paghuhubad nila. Tila uhaw na uhaw sila sa isa’t isa. At nang magtagpo ang kanilang mga labi, hindi na iyon mapaghiwalay pa.

Madiin ang ginawa nilang pagpapalitan ng halik at mahigpit ang kanilang pagyayakapan. His tongue teasing the edges of her teeth, pagkatapos ay pinaliguan nito ng halik ang makinis niyang leeg, ang nakapikit niyang mga mata at ang nakaawang niyang mga labi. He kissed her everywhere, rubbing her breasts intensely and twisting her erect nipples.

Nahihirapan nang huminga si Pippa at nasusunog na ang balat niya. Kinabig niya ang ulo ng binata at halos isubsob iyon sa pagitan ng magkabila niyang dibdib. And air almost left her body when he tasted her hardened peak. He

*was giving her sucking kisses. Paulit-ulit niyang sinasambit ang pangalan ni Jigger habang pababa nang pababa ang kamay nito sa katawan niya.*

*He touched her inner thigh, scooped the sensitive mound, making her more excited. And when he finally slid his fingers into her throbbing flesh; she screamed, moaned and pleaded. Nang halos mapugutan na siya ng hininga ay saka niya naramdaman ang unti-unting pag-angkin nito sa kanya.*

*Natigilan si Jigger. Mabigat ang emosyong nakapaloob sa mga mata nito habang titig na titig sa kanya. “Why did you not tell me that you’re—”*

*“A virgin?” she supplied. “Jigger, I’m a virginal college student. Huwag ka na nga munang magtanong ngayon, pakiusap.” She moved slowly and he kept on making sexy sounds of pleasure.*

*Umangat ang magkabilang sulok ng mga labi ni Pippa. Oh, yeah, I can do this. Her naughty side was cheering for her.*

*Ang maingat na paggalaw ng mabango niyang katawan ay lalong nagpabaliw sa binata. Especially that he could feel his pulsating hardness brushing against the wall of her femininity.*

*He grabbed her buttocks firmly and thrust himself inside her in full force. Napasinghap ang dalaga at napayakap sa katalik. Paulit-ulit na ang ginawa nilang paggalaw. They consumed each other with an*

*appetite dictated by their insatiable hormones.*

Ipinilig ni Pippa ang ulo. What happened that night haunted her. Kailangan niyang makausap si Jigger. Hindi sila nabigyan ng pagkakataong makapag-usap pagkatapos ng naganap sa kanila sapagkat iniwan niya ito nang walang paalam. Hindi rin kaagad naging malinaw sa alaala niya ang gabing iyon, subalit nang bumukas ang kompartimentong iyon ng utak niya ay naduwag na siyang lapitan pa ang lalaki at hindi rin naman ito nagparamdam sa kanya.

Ilang araw siyang nakontentong panoorin na lang ito mula sa malayo, pretending that she was okay. Pretending that she was not expecting anything from him. Hanggang sa hindi dumating ang buwanang dalaw niya. She got really, really scared and helpless. Pangalawang beses pa lang nanuot sa katawan niya ang takot na iyon. Una ay noong iniwan sila ng kanyang ama. Natakot siya at nagdesisyong dapat niyang kausapin si Jigger.

Ngayon nga ay naglalakad siya sa malawak na pasilyo patungong covered court dahil nakarating sa kanya ang balitang naroon daw ngayon ang binata at inaasistihan ang coach ng *Taekwondo Club*.

Malayo pa ay tanaw na niya ang malaking bulto ni Jigger. Huminga siya nang malalim. Inayos niya ang kulay abong jumper dress sa ibabaw ng black

t-shirt at itim na medyas na abot sa hita niya ang taas.

“Jigger, p’wede ba tayong mag-usap?” simula niya.

“What about?” baling nito sa kanya. Walang emosyong nakalarawan sa pawisan nitong mukha. Parang wala lang dito ang nangyari sa pagitan nila.

She heaved a sigh. “Tungkol sa nangyari.”

Tumango si Jigger at binigyan siya ng tingting nakakaintindi. Nauna na siyang tumalikod at nagtungo sa gilid ng court habang nagpapaalam sandali ang lalaki sa coach. Isinandal niya ang likod sa pader at ipinikit ang mga mata upang maibsan ang nararamdaman niyang panginingig at nerbyos.

Gusto niya si Jigger. Gustung-gusto...

“Ano pa ang dapat nating pag-usapan?” putol nito sa paglalakbay ng diwa niya. Nakalapit na pala ito sa kanya.

Tumuwid si Pippa ng tayo at sinalubong ang titig ng binata. Madilim ang mukha nito at hindi niya alam kung bakit. He was probably tired. “Alam kong alam mong may nangyari sa atin nang gabing iyon liban na lamang kung inalisan ka ng alkohol ng kakayahang maalala ang mga naganap—”

“I know. I was there. I was *inside* you and I wasn’t that drunk. You were.”

*I was inside you...* Gumuhit ang kakaibang init sa puson niya dahil sa sinabing iyon ng binata.



“J-Jigger...”

“Get straight to the point, Pippa, what is it that you want now?”

Nasaktan siya sa bale-walang pagtrato nito sa isang bagay na mahalaga sa kanya. Pilit niyang nilulon ang sakit at matapang na nagpatuloy sa pagsasalita. “Hindi mo man lang ba tatanungin kung bakit ibinigay ko ang sarili ko sa iyo?”

“Should I? Why would I ask you that?”

“Akala ko ba may mga tanong ka para sa akin?”

“Kalimutan mo na. Wala lang iyon,” tipid nitong tugon.

Nangatal ang katawan ni Pippa sa pag-ahon ng galit sa kanyang dibdib. The man was an uncaring bastard. Wala itong pakialam sa damdamin niya. He had her, at iyon lang ang mahalaga rito.

Ikinuyom niya ang kamao. “Hindi tayo gumamit ng proteksyon. Paano kung sabihin ko sa iyong buntis ako?”

Natigilan si Jigger. “B-buntis ka?”

“Kung totoo ngang nagdadalang-tao ako, pananagutan mo ba?” aniyang nananantya ang tinig.

Napayuko ang kausap at wala sa loob na nahaplos ang batok. Tumingala ito sa kalangitan at nagbuga ng hangin. Nang muli itong tumingin sa kanya ay naglaho na ang matalim na kislap sa mga mata nito kanina at napalitan iyon ng pagkabahala.

“Pippa—”

Pinutol niya ang akto nitong pagsasalita sa pamamagitan ng isang malakas na uppercut sa panga nito. “Don’t bother explaining, garbage. I am not pregnant, hallelujah!”

